IGNATIAN
INTERNATIONAL JOURNAL FOR MULTIDISCIPLINARY RESEARCH
www.icceph.com
ISSN 2984-9942

# ASWANG AT SI ALLAN DERAIN

Jayson P. Denaga, MAF

*Graduate School, Polytechnic University of the Philippines, Manila, Metro Manila, Philippines*

https://doi.org/10.5281/zenodo.19699241

## ABSTRACT

Si Allan N. Derain ay isang manunulat na nakapagsulat ng siyam na libro ; Iskrapbuk (UP Press), The Next Great Tagalog Novel at iba pang Kuwento (UP Press), Ang Banal na Aklat ng mga Kumag (Cacho Publishing House and Anvil Publishing) kung saan nanalo siya ng Carlos Palanca Memorial Grand Prize Award, The Reader's Choice Award, at National Book Award, Aswanglaut (Ateneo Press), Pangontra (Ateneo Press), Pamimintana sa Pintong Rosas Budget Hotel (Vibal Group Inc.) at Ang Landas Palabas ng Nobela (Ateneo Press). Naging patnugot ng antolohiyang May Tiktik sa Bubong, May Sigbin sa Silong, (Ateneo Press) kung saan nagwagi ito ng National Book Award at Gintong Aklat Award. Isa rin sa mga madalas na paksa ng mga kuwento ni Allan N. Derain ay ang mga aswang. Makikita ito sa mga ilang naisulat niya, tulad ng kaniyang nobela na ; *Ang Banal na Aklat ng mga Kumag*, *Aswanglaut* at maging sa pinatnugutang antolohiyang *May Tiktik sa Bubong, May Sigbin sa Silong: Antolohiya, Pangontra,* at *The Next Great Tagalog Novel at iba pang Kuwento*. Ang Kwalitatibong pananaliksik na ito ay gumamit ng Teksto-Konteksto-Interteksto at Inductive Coding upang suriin ang mga akda at bidyo ng mga panayam ni Allan Derain, upang malaman ang kaniyang pagpapakahulugan sa kung ano ang aswang.

**Keywords:** *Aswang, Allan Derain*

## INTRODUCTION

Si Allan N. Derain ay isang manunulat na nagmula sa Angat, Bulacan. Siya rin ay nakapagtapos ng Batsilyer ng Artes sa Malikhaing Pagsulat, Master ng Artes sa Filipino

Malikhaing Pagsulat, at PhD sa Filipino Malikhaing Pagsulat sa Unibersidad ng Pilipinas, Diliman. Kasalukuyan, nagtuturo ng creative writing at panitikan sa Ateneo De Manila University at dating direktor sa Ateneo Institute of Literary Arts and Practices (AILAP). Siya rin ay nakapagsulat ng siyam na libro ; Iskrapbuk (UP Press), The Next Great Tagalog Novel at iba pang Kuwento (UP Press), Ang Banal na Aklat ng mga Kumag (Cacho Publishing House and Anvil Publishing) kung saan nanalo siya ng Carlos Palanca Memorial Grand Prize Award, The Reader's Choice Award, at National Book Award, Aswanglaut (Ateneo Press), Pangontra (Ateneo Press), Pamimintana sa Pintong Rosas Budget Hotel (Vibal 2 Group Inc.) at Ang Landas Palabas ng Nobela (Ateneo Press) Patnugot ng antolohiyang May Tiktik sa Bubong, May Sigbin sa Silong, (Ateneo Press) kung saan nagwagi ito ng National Book Award at Gintong Aklat Award. Siya rin ay nagsasalin ng mga mga kuwento mula sa ibang wika tulad ng mga kuwento ni Guy de Maupassant. Nakapaglathala ng mga artikulo at journal sa iba't ibang lunsaran na tumatalakay sa panitikan at poklor.

Isa rin sa mga madalas na paksa ng mga kuwento ni Allan N. Derain ay ang mga aswang. Makikita ito sa mga ilang naisulat niya, tulad ng kaniyang nobela na ; Ang Banal na Aklat ng mga Kumag, Aswanglaut at maging sa pinatnugutang antolohiyang May Tiktik sa Bubong, May Sigbin sa Silong: Antolohiya, Pangontra, at The Next Great Tagalog Novel at iba pang Kuwento. Maging sa pakikipanayam sa kaniya sa mga podcast at mga seminar, ito ang madalas na kaniyang tinatalakay. Sa kaniyang youtube channel ay makikita rin ang mga guhit niya sa aswang. Patunay ito na isa si Allan N. Derain sa mga manunulat na nagtataguyod at pumapaksa sa panitikang aswang sa ating bansa

Kaugnay nito, ang kuwentong aswang ay isa sa mga kuwentong namamalagi na sa ating lipunan bago pa man dumating ang mga dayuhang mananakop. Ang salitang aswang ay maraming etimolohiya mula sa iba't ibang bayan at umpukan. Ang iba ay sinasabing ito ay pinagsamang salitang Tagalog na "aso" at Bisayang salita na "Buang" (baliw). Samantalang sa La Religión Antigua de Los Filipinos ni Delos Reyes (1909), binanggit dito na ang salitang aswang ay nagmula pa noong pre-hispanic era at ito ay pagsasakatutubo ng salitang Asura o ang demonyong espiritu na nanggaling sa mitolohiya ng mga Hindu-Buddhist, na siyang kalaban ni Deva. Habang sa ginawang pag-aaral naman ni Gaverza (2014), sa kaniyang tesis na The Myths of The Philippines, sinabi niyang "Linguistically 'aswang' may be related to the 'keswange' belief of 'witches' in the Malaysian archipelago (p.6)". Hindi rin ito nakapagtataka sapagkat maging sa isla ng Tanimbar, Indonesia ay ito rin ang kahulugan nito. Nauna ring nabanggit ito ni Dr. Ramos sa kaniya akda na may ganitong uri ng aswang. Ang natatangi lang sa atin ay marami itong uri at hindi lamang mangkukulam. Batay sa artikulo ni Clark (2023), sa website ng The Aswang Project, isa sa mga kilalang nag-aral ng mga nilalang at mitolohiyang Pilipino ay si Dr. Maximo Ramos, ang tinaguriang Dean of Philippine Lower Mythology, na naglathala ng The Creatures of Philippine Mythology, kung saan niya isinaayos sa labindalawang kategorya ang mga nilalang sa kuwentong-bayan: " Demons, Dragons, Dwarves, Elves, Ghouls, Giants, Merfolk, Ogres, Vampires, Viscera Suckers, Were beasts, and Witches" (para 3).

Ang aswang bilang karakter sa mga kuwento ay namumuhay na at naghahasik na ng takot mula pa lamang sa oral na pantikan ng mga Pilipino, hanggang sa ngayong kontemporanyong panahon. Ibig sabihin ang aswang sa ating kultura at lipunan ay buhay na saksi sa mga pinagdaanan ng ating bansa. Kung kaya mahalaga na makita kung ano na rin sa kasalukuyan, ang itsura at kalagayan nito. Kaugnay nito, mahalaga ring masipat kung paano ito ginagamit sa ating panitikan. Gamit ang mga akda ni Allan N. Derain, sisikapin ng mananaliksik na mabigyan ng kahulugan ang aswang batay sa kaniyang panulat at pananaw.

### Research Objective

Layunin ng pananaliksik na ito na malaman kung ano ang aswang batay sa pananaw ni Allan Derain.

## METHODOLOGY

Ang mananaliksik ay hinanap at pinili ang mga talakayan at lektura ni Allan Derain mula sa Facebook at Youtube na tumatalakay sa aswang.Ito ang mga sumusunod : DerainLectureSalikLinang May Tiktik Sa Bubong - Allan N. Derain ,at Usapang Aswang at Iba pang Mga Kuwentong Bayan . Bidyo sa Facebook ng Tabi-Tabi Foloradyo UP ng DZ UP na naipaskil noong October 25, 2024 na may pamagat na TTFR: “Aswang ni Rizal”, Sari-Sari | 19 Apr 23 | Mga PAK na Nilalang sa Panitikan at Kulturang Filipino ng Ateneo De Manila University, “Creators Spotlight” kung saan itinampok si Derain at “NBA WINNER SPOTLIGHT: Allan Derain” na matatagpuan sa National Book Development Board - Philippines facebook page. Hindi isinama dito ang mga talakayan at lektura ni Allan Derain na hindi pumapaksa sa aswang.

Ginamit ng mananaliksik ang artificial intelligence o AI para sa transkripsyon ng nasabing bidyo gamit ang websayt na https://goodtape.io. Para maorganisa ang mga datos, ang mananaliksik ay gumamit ng Inductive Coding kung saan ang manaliksik ay binasa ang mga transkripsyon ng bawat bidyo at bumuo ng mga koda. Ang Inductive Coding ay isang paraan ng pagkokoda kung saan ang mga koda ay nabubuo habang nasa proseso ng pagkokoda ng datos mismo (Coulston et al., 2025).

Sinuri din ng mananaliksik ang mga maikling kuwento ni Derain na ang pokus ay panitikang aswang : Kung Sino Ang Mas Kilabot sa Aswang at Tulisan na mula sa aklat na The Next Great Tagalog Novel at Iba Pang Kuwwento (UP Press) at Awit ni Don Lizardo, Si Ms Lilibeth Tabios, Si Maestra Simeona, Si Sergeant Daniel Carter na mula naman sa aklat na Pangontra (UP Press).

Ginamit din ang konseptong Teksto-Konteksto-Interteksto ni Torres-Yu, upang mapalitaw ang ilang mga pagpapakahulugan ng mga salita at parirala mula sa mga akda ni Allan N. Derain. Ang layunin ng teksto ay para mabigyan ng pansin ang anyo at porma ng teksto, ang intekrteksto naman ay para maiugnay ang binasang akda sa iba pang akda. Sa pag-aaral na ito, mas nagamit ang tinatawag na koteksto. Ang konteksto ayon

kay Torres-Yu (2011), ay "maaring isinasali na ang mga bagay na nakapaligid sa teksto sa pagpapakahulugan 50 nito." Ibig sabihin sisipatin ng mananaliksik kung paano inlalarawan ang mga aswang batay sa mga salita o parirala sa mga akda ni Allan N. Derain. Gumamit din ang mananaliksik ng tematikong pag-aanalisa para sa mga bidyo ng pakikipanayam ni Allan Derain. Batay kay Braun at Clarke (2017) ang "Thematic analysis (TA) is a method for identifying, analyzing, and interpreting patterns of meaning ('themes') within qualitative data" (p.297). Ang ganitong paraan ng pag-aanalisa ay nangangailangan ng pagbabasa at muling pagbabasa ng mga datos (Rice & Ezzy, 1999)(sinipi mula kay Fereday & Muir-Cochrane(2006).

## RESULTS & DISCUSSION

Si Allan Derain ay isang manunulat na nagmula sa Angat, Bulacan. Siya ay nagtapos ng kaniyang BA Malikhaing Pagsulat, MA Filipino (Malikhaing Pagsulat), at PhD Filipino (Malikhaing Pagsulat) sa Unibersidad ng Pilipinas. Kasalukuyan, siya ay nagtuturo sa Ateneo De Manila University bilang kasapi ng Kagawaran ng Filipino, School of Humanities. Ang ilan sa mga kursong kaniyang tinuturo ay Creative Writing, Art Appreciation, Panitikang Pilipino at Pananalisik.

Siya rin ay nakapaglathala ng anim na libro. Ang unang librong kaniyang nailathala ay ang **Iskrapbuk** (2005) na bahagi ng UP Jubilee Student Edition na ang layunin ay ilapit ang mga mahuhusay na akda ng panitikang Pilipinas sa mga mag-aaral at madla. Ang aklat na ito ay naging finalist sa Madrigal-Gonzales Best First Book Award. Ito ay naglalaman ng labindalawang maikling kuwento na batay sa pabalat nito sa likod, ay pumapatungkol sa salamin at diwa ng kabataang Pilipino at isinulat sa lengguwaheng makabago bilang repleksyon ng modernong pagkukuwento ng kabataang manunulat.

Ang kaniyang ikalawang aklat ay ang **Banal na Aklat ng mga Kumag** (2013) na nagkamit ng *Unang Gantimpala* para sa nobela, Carlos Palanca Memorial Awards for Literature, Juan C. Laya Prize For Best Novel in a Philippine Language, National Book Awards at Filipino Readers' Choice Award for Best Novel in Filipino, at Loyola Schools Outstanding Scholarly Work Award. Ang nobelang ito ay pumapatungkol sa mga kumag. Ang mga kumag raw ay bahagi ng kapaligiran o kalikasan at itinuturing na maliit (Armingol, 2023). Sa introduksyon ni Jun Cruz Reyes sa nobela, binanggit niya na ang nobelang ito ay nasa anyo ng retelling. Ito raw ay pagsasanib ng maraming kuwentong-bayan at epiko ng bansa, at kasama ring nilalaman ang folk christianity o ang pagsanib ng kristyano at katutubo.

Ikatlo naman sa kaniyang mga aklat at ikalawa niyang aklat ng mga maikling kuwento ay ang **The Next Great Tagalog Novel at Iba Pang Kuwento** (2019). Ang aklat na ito ay finalist sa Gintong Aklat Award at nagwagi ng National Book Award. Madalas man mapagkamalang nobela ang aklat na ito ay naglalaman ng isang graphic lit at walong maikling kuwento. Batay sa panayam kay Allan Derain sa facebook page ng National Book Development Board, sinabi niya na ang mga kuwento sa aklat na ito ay koleksyon ng maikling kuwento na naisulat niya sa loob ng halos isang dekada na pagsusulat ng piksyon.Dito rin ay nag-eksperimento si Allan Derain ng mga bago at ang tema ng aklat

na ito ay Si Allan Derain bilang manunulat. Sa panayam sa kaniya ng tagapagdaloy, binanggit din ni Allan Derain na ang ilan sa mga kuwento dito ay interdisiplinaryo tulad ng *Huling Bakunawa* na nakabatay sa Arkeolohiya at ang *Hinggil sa Kulam at Katuwiran* na may Antropolohikal na detalye. Ito raw ay nagmula sa ethnographic research Dito rin matatagpuan ang kuwento ng dalawang magkapatid na aswang na may pamagat na *Kung Sino Ang Mas Kilabot sa Aswang at Tulisan.*

Ikaapat sa kaniyang aklat ay ang nobelang **Aswanglaut** (2021) na natatanging nobela sa wikang Filipino na nasali sa LITPROM Literaturen Der Welt. Ang nobelang ito ay kuwento ng pagbabagong-anyo ng isang Bisayang bata na si Luklak; na nasa proseso ng pagiging aswang na balanghitaw. Nagsimula ang proseso na ito nang kainin niya ang misteryosong igat na iniluwal ng kaniyang nanay. Inihaw niya at kinain ang dapat kaniyang kapatid. Simula nito ay marami nang kakaibang nangyari hanggang sa matagpuan niya ang kaniyang sarili sa ikalabing pitong siglo sa panahon ng pananakop ng Kastila (Derain, 2021).

Ikalima niyang libro ay ang **Pangontra** (2022), kung saan ayon mismo sa likod ng kaniyang pabalat, ito ay pagtatampok ng mga rebiyon sa mga kuwentong alamat ng ating bayan. Matatagpuan dito ang retelling ng mga tauhang tulad nina Tungkong Langit, Alunsina, Lola Basyang, at Kapitan Gimo. May pagbabalik din ito sa gubat na madilim ng Florante at Laura at ang kantang Bahay Kubo. Narito rin ang Awit ni Don Lizardo na pumapatungkol naman sa isang taong naging butiki.

Ang pinakahuli niyang dalawang libro ay ang **Pamimintana sa Pintong Rosas Budget Hotel** (2025). Kaiba sa kaniyang mga akda ng pumapaksa sa folklore, aswang, nilalang, at kumag, ang akda na ito ay patungkol sa buhay ni Fidel isang instructor sa College of Hospitality International–Novaliches. Ayon sa post ni Jerry Gracio ang aklat na ito ay tungkol sa motel sa sex, pilosopiya, pag-ibig, pagtitig, pagtanaw paloob at palabas ng sarili at silid. Samantalang inilabas niya rin ngayong taon ang **Ang Landas Palabas ng Nobela** (2025), isang kritisismong pampanitikan at ito ay “masusing pagsisiyasat, pagsusuri, at pagtalakay sa mga isinasaalang-alang ng isang nobelista upang makagawa ng mahusay na nobela at mailatag ang isang mahusay na wakas.” (Ateneo University Press).

Bukod sa pagiging manunulat, siya rin ay isang **visual artist** at makikita rin ang kaniyang mga guhit sa kaniyang mga aklat. Si Derain ang gumuhit ng imahen sa harap ng pabalat ng librong The Next Great Tagalaog Novel at Iba Pang Kuwento at matatagpuan din ang kaniyang Likhang Sining sa pabalat ng aklat na Pangontra na may pamagat na *Ang Palabas ng Kahapon (2021)*. Siya rin ang gumuhit ng mga larawan na matatagpuan sa aklat na Ang Banal na Aklat ng mga Kumag at Aswanglaut. Siya rin ang ilustrador ng *Ang Diablo sa Filipinas* ni Isabelo de los Reyes. Siya rin ay nagkaroon na ng art exhibit na ginanap sa Pardo De Tavera Room ng Rizal Library noong 2025 na may pamagat na *Tagolilong: Lupon ng mga Aswang, Diablo at Kumag*.

Si Allan Derain din ay isang mananaliksik. Siya ay nakapaglathala ng mga dyornal at artikulong pumapatungkol sa panitikan, pagsasalin at poklor Siya rin ay nakapagsagawa na ng fieldwork sa Palawan, Bicol at iba pang probinsya. Nabanggit niya kaniyang interview na ang isa sa mga layunin ng kaniyang pananaliksik at fieldwork ay

"[33:31]  So yung ganitong mga halimbawa. natatandaan ko rin nang ako ay nag-fieldwork para maghagilap naman ng mga kwentong aswang. Ang hinahanap ko ay kwentong bayan, folktale" (DerainSalikLinang). Dito makikita natin ang isa sa mga pangunahing hinahanap niya sa kaniyang fieldwork ay ang mga kuwentong aswang ng mga tao na nagmula sa lugar na kaniyang pinuntahan. Ganito rin ang kaniyang ginawa nang siya ay magpunta sa Palawan naman kung saan "[10:51]  Pagsama ko rin sa isang fieldwork na naginawa ng isang anthropology sa Palawan. So isang buwan kami sa Palawan at may sarili rin akong research na naginagawa doon, [11:07]  ang pangangalap ng mga kwentong aswang" (PRWF, 2021). Batay sa dalawang halimbawa, karamihan sa sinasaliksik at hinahagilap na kuwento ni Allan Derain ay ang kuwentong aswang.

Mula sa mga detalye na nabanggit, makikita na si Allan Derain ay hindi lamang basta manunulat kung hindi, marami rin siyang pinagkakaabalahan labas sa pagsulat. Ngunit, sa kaniyang pagguhit at pagsulat, makikita rin ang halaga ng kaniyang pananaliksik at mga nakakalap na datos. Nagamit niya ang mga nasaliksik niya sa pagsulat ng kuwento ng mga mambabarang, bakunawa at aswang. Kung gayon, ang pagpunta ni Derain sa bayan para sa fieldwork at pananaliksik, ay may malaking ambag sa kaniyang panulat.

## Aswang Batay sa Pananaw ni Allan N. Derain

Sa paglarawan ni Allan Derain (2019) sa kaniyang introduksyon sa antolohiyang "May Tiktik sa Bubong, May Sigbin sa Silong", sinabi niya na "ang modernong aswang" ngayon ay hindi na natatakot sa kahit na anong sagisag ng relihiyon o krus (p.1). Hindi tulad ng ilang aswang kalauna'y sa pelikula na nasusunog sa krus at holy water. Malinaw na ang tinutukoy niya rito ay ang mga Pilipino. Ang krus at holy water ay sumasagisag sa simbahang katoliko ; ang pangunahing ginamit ng mga Kastila para sakupin ang mga katutubong Pilipino. Sapagkat noong panahon ng mga Kastila, ginamit nila ang krus at katolisismo para kontrolin ang mga Pilipino. Kung ikaw ay may ginawang labag sa aral ng simbahan, paparusahan ka. Nagamit nila ito para talikuran ng mga Pilipino ang nauna nilang paniniwala tulad ng pagsamba sa kalikasan, (Ramos, 2014). Ang mga ito ay labag sa aral ng simbahan kung kaya't pati ang babaylan ay gagawin nilang aswang para talikuran rin ng ating mga ninuno.

Ang unang aswang ay ang Pilipino bago pa man dumating ang mga Kastila. Tayo ay sambayanan ng aswang. Pagdating ng mga Kastila, binasahan at bininyagan bilang Katoliko ang mga unang aswang. Sinusugan ito  ni Derain (2019)  na :

> Biglang natagpuan ng aswang ang kaniyang sarili na parang kutang napaliligiran ng mga kaaway, at batid ng isang matalinong aswang na tulad niya kung kailan siya sukol na at kailangan nang sumuko. Kung kaya sa harap ng krus na iyon na di naman talaga nakapapaso o nakasisilaw, napayukod ang matandang aswang bilang tanda ng kaniyang pagpapa- hinuhod, umiiyak habang nagmamakaawa, kapalit ng kapayapaan ng kaniyang isip, na isiwalat na sa kaniya ang kuwento ng krus na iyon. Ganito nga ang bisa ng isang makapangyarihang sagisag. Mapapaamo kahit aswang. Subalit ang hindi na mababatid ng matandang aswang na ito, na siya at ang magiging salinlahi niya'y

> papalaot sa kasaysayan upang maging mga sagisag din na tulad ng krus na iyon. Bilang panandang sagisag, kakatawanin niya ang mga nagsasalungatang kasaysayan, katwiran, at interes ng iba't ibang pangkat. Magsasateksto ang aswang upang maging target practice ng iba't ibang semiotikong kalakal. Mamumugad siya sa kamalayan ng isang bayan sa pagtatakda ng mga hanggahan sa mundong nakikita upang maitangi ang sarili (pamilya, angkan, tribu, lahi, bansa) sa iba (dayuhan, estranghero, tagalabas, kalaban). (p.2-3)

Sapagkat namanik-luhod ang mga Pilipino sa krus na dala ng mga dayuhan at sa kanilang pagsuko ay napilitan din ang mga aswang na yakapin ang paniniwala na nanggaling sa labas. Kung paanong pati ang aswang ay napaamo dahil sa lakas ng sagisag na ginamit ng tagalabas. Ang hindi alam ng mga aswang o maging ng mga Kastila, na ang mga aswang ay mamumuhay hanggang sa kontemporanyong panahon. Ngunit mainam din silang ginamit ng mga Kastila at ginawang rebolusyonaryo upang madaling matukoy kung sino ang mga lumalabas tuwing gabi at palihim na miyembro ng Katipunan. Sila ay gagamitin din ng iba pang tagalabas para tugisin ang mga Huk. Pagbibintangan din silang nambibiktima sa panahon ng diktadurya at extra-judicial killing upang ilihis ang tunay na may sala sa pagpatay. Higit sa lahat, sila ay patuloy na lilipad, tatakbo, magbabagong anyo hindi lang sa panitikang Pilipino ; kundi gagamitin din silang kalakal sa mga blockbuster na *horror movies*, karakter sa mga laro at application, series sa netflix at marami pang iba.

Batay naman sa talakayan at lektura ni Allan Derain , ang aswang ay isang nilalang na nakalilipad. Ang ganitong uri ng aswang ay isang manananggal na lumilipad tuwing gabi upang maghanap ng mabibiktima (Evasco, 2000). Ngunit hindi lang paglipad ang kayang gawin ng aswang. Sapagkat may mga aswang na nakalalangoy at tumatawid ng dagat. Sa paliwanag ni Allan Derain "[06:34] by introducing yung figure ng balanghitaw. So meron tayong aswang sa Visayan mythology na tinatawag na balanghitaw at ito ay aswang na buhaya.[06:49] So sa tingin ko ito yung aswang na pwedeng makasagot dun sa tanong na nakakatawid ba siya ng dagat" . Ito ay tugon sa pagtatalo kung aswang ba ay makakatawid ng dagat gayong ito ay takot sa asin at ang dagat ay isang kalipunan ng asin. Ayon kay Leceña (2023), ang mga buwaya ay may kakayahang mambarang o mangkulam ng tao. Binanggit din niyang ang mga taong-buwaya, makapangyarihan na bago pa dumating ang mga Kastila.

Bukod sa pagiging buwaya, ang mga aswang din ay may kaugnayan sa ibon. Sa katunayan binanggit ni Derain na walong pangalan ng aswang ay nanggaling sa huni ng ibon. Tulad ng barakikik, batbatkwaw, at tiktik. Ang paghuni ng ibon o tunog nanilikha nito ay may ipinaparating. Dagdag pa ni Derain "[11:15] Sa ganito masasabing nagaganap ang paggana at pag-iral ng aswang sa antas ng tunog, sa tunog na nagsisilbing pahiwatig ng kanyang pagdating, na ang aswang ay narito na sa paligid ng kanyang di maipagkakailang presensya ng kanyang pagkameron" (May Tiktik sa Bubong). Ibig sabihin ang tunog ng aswang ang una nating naririnig kaysa makita natin ito. Binanggit din Dr. Maximo Ramos na *tiktik* ay tunog ibon na maaring nanggaling sa mismong aswang o sa kaniyang alaga (Lim, 2015). Sa pahayag din na ito ni Dr. Maximo Ramos, ay sumusuporta sa pahayag ni Derain na ibon ay maaring nasa loob o labas ng aswang.

Makikita dito ang maigting na ugnayan ng aswang sa mga hayop. Mula sa parasitikong sisiw na dahilan ng pagkaaswang, sa aswang na buwaya, at sa ibon na siyang gumagabay sa mga aswang. Ngunit ang mga aswang ay hindi lang sa hayop may relasyon, din ito sa mga puno at halaman. Kakampi nito ang puno ng saging. Tinatago ng manananggal ang kaniyang kalahating katawan sa ilalim ng kumot at naglalagay puno ng saging para magmukhang itaas na bahagi ng kaniyang katawan (Ramos, 1969). O kaya naman minsan ay ginagamit ng aswang bilang pamalit sa bangkay na kanilang ninanakaw ang puno ng saging (Dela Cruz & Manarang, 2020, p. 53) na nagamit Derain din sa kaniyang kuwento. Kung kakampi ng aswang ang saging, kalaban naman nito ang talampunay. Ayon kay Derain kapag ito ay sinunog, nagiging pangontra ang amoy nito sa mga aswang.

## Conclusions

Mahihinuha natin na si Allan Derain ay hindi lang isang isang manunulat na pumapaksa at gumagamit ng mga karakter na aswang sa kaniyang mga kuwento kundi, siya mismo ay isang iskolar at mananaliksik na dalubhasa sa poklor. Siya mismo ay nagsasagawa ng mga fieldwork upang mangalap ng datos patungkol sa poklora at mga aswang. Kaya karamihan sa kaniyang mga naisusulat na kuwento, ay nakabatay sa mga datos at nahagilap na kuwentong aswang mula sa iba't ibang bayan at tao. Dahil ito ay nanggaling sa maraming bayan at tao, marami ring bersyon at pagpapakahulugan sa aswang si Allan Derain. Maraming anyo ang aswang. Makikita natin na ang mga aswang ayon kay Derain ay nagsimula bilang mga Pilipino bago dumating ang mga Kasitla. May aswang din noong panahon ng pananakop ng mga dayuhan sa ating bayan. Nagbabago lamang ang anyo nito at kung sino depende sa lahi ng nagkukuwento. Ang aswang din ay nakatatawid ng dagat. Mula dito mapapansin nating malaki ang ugnayan ng aswang sa mga hayop, halaman, at puno.

## Recommendations

Maari pang mapag-aralan ang aswang batay sa ibang manunulat o sa mismong bayan. Ang bawat manunulat at bayan ay may kaniya-kaniyang pagpapakahulugan at karanasan sa usapin ng aswang kaya nakasisiguradong mayaman pa ito sa talakayan.

## Compliance with Ethical Standards

Ang mga datos ay nagmula sa mga nailathalang aklat at panayam kay Allan Derain sa iba't ibang *platforms* , dahil dito isinaalang-alang ang karapatang-ari ng akda, ng publikasyon at ng mga may-ari ng bidyo. Kaya binibigyang pagkilala ang karapatang-ari intelektwal ng mga may-akda at ng patnugot. Maingat na binigyang pagkilala ng mananaliksik ang mga manunulat, patnugot at may-ari ng mga akda at bidyo.

## REFERENCES

Armingol, K. P. (2023). Pag-Igpaw sa Inip at Inis ng Pagkakapiit: Tulambuhay sa Anyo ng Talinghaga't Taludturan (Overcoming Ennui and Ire Amidst

Ateneo University Press (April 30, 2025). [Hot Off the Press] Ang Landas Palabas ng Nobela. Mula sa https://www.ateneo.edu/features/2025/04/30/hot-press-ang-landas-palabas-nobela
Braun & Clarke, VV. (2017). Thematic analysis. The journal of positive psychology, 12(3), 297-298.
Clark Jordan (October 21, 2023) The Maximo Ramos Taxonomical classifications of the aswang. Para 4. The Aswang Project. Mula sa https://www.aswangproject.com/ramos_aswang/
Coulston, F., Lynch, F., & Vears, D. F. (2025). Collaborative coding in inductive content analysis: Why, when, and how to do it. Journal of Genetic Counseling, 34(3), e70030.
Dela Cruz, J. B., & Manarang, O. (2020). Ang Pagbungkal sa Konseptong Relihiyon sa Talasalitaan ni Bergaño bilang Pagtutulay sa Kultura-Pananampalataya ng mga Kapampangan sa Ika-18 Siglo.
De los Reyes, I. (1909). La religion Antigua de los Filipinos. Imp. de El Renacimiento.
Derain A. (2019) May tiktik sa bubuong, may sigbin sa silong : Antolohiya : Introduksyon ni Allan Derain, p.1. Quezon City : Ateneo De Manila University Press
Evasco E. (2000) Sa Pusod ng Lungsod: Mga Alamat, Mga Kababalaghan Bilang Mitolohiyang Urban, p.87-88.Quezon City : Humanities Diliman
Fereday, J., & Muir-Cochrane, E. (2006). Demonstrating rigor using thematic analysis: A hybrid approach of inductive and deductive coding and theme development. International journal of qualitative methods, 5(1), 80-92.
Gaverza, J. K. M. (2014). The myths of the Philippines. Undergraduate Thesis, University of the Philippines Diliman.
Leceña, H. (2023) "Buayahon," Katipunan: Vol. 11: Iss. 2, Article 75.Available at: https://archium.ateneo.edu/katipunan/vol11/iss2/75
Lim, F. C. (1997). The Politics of Horror: The Aswang In Film. Asian Cinema, 9(1), 81–98. doi:10.1386/ac.9.1.81_1
Ramos, M. (1969). The Aswang Syncrasy in Philippine Folklore. Western Folklore, 28(4), 238. doi:10.2307/1499218
Ramos, M. (2014) Ang Dalawang Anyo ng Subli: Laro at Panata. Asia Pacific Journal of Education, Arts and Sciences | Vol. 1, No. 4 | September
Torres-Yu, R. (2011). Alinagnag: sanaysay ng mga panlipunang panunuri sa panitikan. UST Publishing House.

**APA Citation:**

Denaga, J. P. (2026). ASWANG AT SI ALLAN DERAIN. Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 4(4), 1502–1510. https://doi.org/10.5281/zenodo.19699241

*jdenaga@rtu.edu.ph*